

Lobo ni Ana

Si Ana ay may pulang lobo. Masaya siya habang ito'y pinalilipad. Biglang umihip ang hangin at lumipad ang lobo. Hinabol ni Ana ang lobo.

Mga Tanong:

1. Ano ang kulay ng lobo?
2. Ano ang naramdaman ni Ana habang pinalilipad ang lobo?
3. Ano ang nangyari sa lobo?
4. Ano ang ginawa ni Ana pagkatapos?

Aso ni Rico

May alagang aso si Rico. Ang pangalan ng aso ay Potpot. Tuwing umaga, nilalakad ni Rico si Potpot. Masaya silang naglalaro sa parke.

Mga Tanong:

1. Sino ang may alagang aso?
2. Ano ang pangalan ng aso?
3. Kailan nilalakad ni Rico si Potpot?
4. Saan sila naglalaro?

Mangga

Si Maya ay kumain ng mangga. Matamis ang mangga na kaniyang kinain. Binigyan niya ang kaniyang kapatid. Sabay silang kumain at natuwa.

Mga Tanong:

1. Ano ang kinain ni Maya?
2. Ano ang lasa ng mangga?
3. Kanino siya nagbigay ng mangga?
4. Ano ang naramdaman nila pagkatapos kumain?

Bulaklak

May dilaw na bulaklak si Lola. Diniligan niya ito araw-araw. Lumaki at gumanda ang bulaklak. Tuwing umaga, binibisita ito ni Lola.

Mga Tanong:

1. Anong kulay ng bulaklak ni Lola?
2. Ano ang ginawa ni Lola sa bulaklak?
3. Ano ang nangyari sa bulaklak?
4. Kailan binibisita ni Lola ang bulaklak?

Bakuran

Si Kuya ay nagwalis sa bakuran. Tinulungan siya ni bunso. Naging malinis ang paligid nila. Masaya si Nanay sa kanilang pagtutulungan.

Mga Tanong:

1. Ano ang ginawa ni Kuya?
2. Sino ang tumulong kay Kuya?
3. Ano ang naging itsura ng paligid?
4. Ano ang naramdaman ni Nanay?

Kulay

Si Pia ay mahilig magkulay. Gumamit siya ng krayola at lapis. Kinulayan niya ang larawan ng prutas. Ang kaniyang gawa ay makulay at maganda.

Mga Tanong:

1. Ano ang hilig ni Pia?
2. Anong gamit ang ginamit niya?
3. Ano ang kinulayan niya?
4. Ano ang itsura ng kaniyang gawa?